# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 80*

***"31 Sinabi rin naman, Ang sinomang lalake na ihiwalay na ang kaniyang asawa, ay bigyan niya siya ng kasulatan ng paghihiwalay: 32 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Matthew 5:31-32 KJV)***

Patuloy nating pag aaralan ang mensaheng ito kung paanong nilabanan ni Jesus ang mga Fariseo at sinaway sila sa pagpapaliwanag na ang paghihiwalay ay isang daan sa pangangalunya. Iyon ang pakikibaka ni Jesus at ang parehng pakikibaka sa atin ngayon gaya ng hinaharap ng simbahan sa parehong uri ng mga guro na nagpapahintulot ng paghihiwalay at pag aasawang muli. Ang mga simbahan ni Cristo at ang simbahan ng Dios ay nahawaan ng kasalanang ito at kailangan nating manindigan sa Salita ng Dios at huwag pahintulutan ang paghihiwalay o diborsyo at pag aasawang muli.

Sa ***Mateo 19*** matapos niyang sagutin ang mga Fariseo na ang pakikpaghiwalay ay hindi marapat na bagay, ipinagpatuloy Niya ang aral na ito laban sa paghihiwalay, at sinagot ang Kanyang mga aagad na lumpait at nagtanong sa Kanya tungkol dito, gaya ng mababasa natin ditto: ***"10 Ang mga alagad ay nangagsasabi sa kaniya, Kung ganyan ang kalagayan ng lalake sa kaniyang asawa, ay hindi nararapat magasawa. 11 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Hindi matatanggap ng lahat ng mga tao ang pananalitang ito, kundi niyaong mga pinagkalooban. 12 Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit. Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap." (Mateo 19:10-12 KJV)***

Ang mga alagd ni Jesus ay naunawaan ang aral ng mabuti, na hindi Niya pinapahintulutan ang nagaganap sa panahong iyon: na ang pag aasawa at ang pamilya ay masira para sa anumang dahilan sa pamamagitan ng paghihiwalay. Sa katunayan ito ay mas mabuting maunawaan na hindi pinahintulutan ni Jesus ang paghihiwalay kailanman. Ang mga alagad ni Jesus at ang mga taong nangangatakot sa Dios ay hindi gagawa ng isang bagay gaya ng pagkikipaghiwalay at pag aasawang muli na hindi kalugod lugod sa Dios. Kaya naman sinabi ng Kanyang mga alagad sa Kanya ang sumusunod: ***"<u>Ang mga alagad ay nangagsasabi sa kaniya, Kung ganyan ang kalagayan ng lalake sa kaniyang asawa, ay hindi nararapat magasawa</u>." (Mateo 19:10 KJV)*** Nang sinabi niya sa Kanya iyon, Hindi siya tumutol. Hindi Niya sinabi sa kanila, halimbawa *'Hindi hindi, maari mong hiwalayan ang iyong asawa;*, o *'Hindi hindi ka maaring mag asawa, ito ay mabuting mag asawa'*. Kundi pinagtibay Niya ito sa kanila at may matatag na tinig: ***"11 Datapuwa't sinabi niya sa kanila, <u>Hindi matatanggap ng lahat ng mga tao ang pananalitang ito, kundi niyaong mga pinagkalooban.</u> 12 Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit. <u>Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap.</u>" (Mateo 19:11-12 KJV)*** Ang pagsasabing ito ni Jesus ay nakatuon sa lahat, ngunit sa mga itinakda para sa kaligtasan at walang hanggan sa Dios sila'y susunod, at sa kanila ito ay itinalaga. Ngunit sa mga pumiling sumuway kung gayon mawawala ang kanilang kawalang hanggan.

Kung tinanggihan ni Adam si Eva, hindi bibigyan siya ng Dios ng panibagong asawa. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon, mas mabuting maging bating kaysa sirain ang kasunduan sa Dios sa pamamagitan ng pagpapakilala at pagbibigay katwiran sa paghihiwalay at pag aasawang muli. ***… at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit.." (Mateo 19:11-12 KJV)*** Ang ibig niyang sabihin dito na ang mga taong nahiwalay o humiwalay hindi na sila mag aasawang muli upang sila'y makapasok sa Kaharian ng Dios. Iniugnay ni Jesus ang kaligtasan sa Kanyang pinasimulan; na sa mga dumadaan at nagsasagawa ng paghihiwalay at muling pag aasawa ay hindi katanggap tanggap sa Kaharian ng Diyos dahil ang paghihiwalay at muling pag aasawa ay pangangalunya at ang mga mangangalunya at nangangalunya ay hindi katanggap tanggap sa Kaharian ng Dios.

Ngayon ang mga taong hiniwalayan na at naghahangad na mag asawang muli, tayo bilang isang simbahan pinapayuhan natin sila na huwag mag asawa muli kundi mamuhay para sa Panginoon at maglingkod sa Kanya, kaya sila ay maliligtas at magkakaroon ng buhay na walang hanggan kasama ng Dios: Ang mga handang na tanggapin nila ang aral na ito tulad ng sinabi ni Jesus, "***Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit. Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap." (Mateo 19:12 KJV)***

*****Ngayon, paano ang tungkol sa mga naghiwalay at nag asawang muli at ang kanilang dating mga kabiyak ay buhay pa at matutuklasan mo sila ay pumupunta sa simbahan? Ang mga dapat harapin sa ganitong paraan: Kung

sila ay mga mananampalataya kung gayon ay kailangan nating ipaliwanag sa kanila sa pamamagitan ng Kasulatan na ang kanilang muling pag aasawa ay labag sa batas at ang kanilang relasyon ay pangangalunya dahil ang kanilang mga kabiyak ay buhay pa. * Kung sila ay mga di-mananampalataya, maaaring maging mas matiyaga tayo sa kanila, kailangan nating bigyan sila ng Salita ng Dios at anyayahan silang sumunod kay Jesus, at maaari na kailangan nating maghintay ng sandali para sa isang pagkakataon, habang ipinanalangin natin sila, ngunit sa huli, kailangang sabihin sa kanila ang katotohanan; na ang kanilang pag aasawa ay hindi marapat na pag aasawa sa paningin ng Dios. * May mga tiyak na pagkakataon sa gayong pag aasawa ay ipapahintulot ng Dios na ang gayong mag asawa ay maghiwalay sa anumang dahilan. Ito ang magiging pagkakataon natin para payuhan sila na huwag na silang magkasundo o maghanap ng panibagong asawa dahil buhay pa ang kanilang mga naunang kabiyak.

Sa aking karanasan sa aking ministerio, nasaksihan ko ang isang mabuting bilang ng mga lalaki at babae na pumunta sa simbahan at humiwalay na mula sa kanilang pangalawang asawa, o gumawa ang Dios ng paraan para sa kanila na mahiwalay, sa gayong kalagayan kinakailangan ko lamang na aliwin sila at pagtibayin sa kanila na ang naganap na paghihiwalay nila ng pangalawang kabiyak ay kalooban lamang ng Dios at ng Kanyang gawain. Nalaman ko na marami sa kanila ang gumagawa ng mabuti sa simbahan at masaya silang mamuhay para sa Dios at maglingkod sa Kanya at pangalagaan ang kanilang mga anak.

Inulit na binanggit ni Jesus ang pareho sa ibang mga evangelio gaya ng mababasa natin dito: Ang sumusunod ay nasa iba pang Kasulatan mababasa natin ang tungkol sa parehong paksa, na hindi sinuportahan ni Jesus ang paghihiwalay at pag aasawang muli.

***“2 At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, at siya'y tinanong, Matuwid baga sa lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa? na siya'y tinutukso. 3 At sumagot siya at sa kanila'y sinabi, Ano ang iniutos sa inyo ni Moises? 4 At sinabi nila, Ipinahintulot ni Moises na ilagda ang kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay siya. 5 Datapuwa't sinabi sa kanila ni Jesus, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay inilagda niya ang utos na ito. 6 Nguni't buhat nang pasimula ng paglalang, Lalake at babaing ginawa niya sila. 7 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; 8 At ang dalawa ay magiging isang laman; kaya hindi na sila dalawa, kundi isang laman. 9 Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao. 10 At sa bahay ay muling tinanong siya ng mga alagad tungkol sa bagay na ito. 11 At sinabi niya sa kanila, Ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, at mag asawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya laban sa unang asawa: 12 At kung ihiwalay ng babae ang kaniyang asawa, at mag asawa sa iba, ay nagkakasala siya ng pangangalunya.” (Marcus 10:2-12 KJV)*** Dito si Jesus ay hindi naglagay ng pagpapaliban. Isinaalang alang Niya ang anumang pag aasawang muli pagkatapos ng paghihiwalay at sa gayong pangangalunya kailangan nating payuhan ang mga nag asawang muli matapos ng paghihiwalay o mag asawa ng isang hiniwalayan na tao upang mahiwalay dahil hindi sila makakapasok sa Kaharian ng Dios. Ang mga Fariseo ay lumapit upang tuksuhin siya, ngunit tinuruan Niya sila ng mabuting aral.

***“Ang bawa't lalaki na inihihiwalay ang kaniyang asawa, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa babaing inihiwalay ng kaniyang asawa ay nagkakasala ng pangangalunya.” (Lucas 16:18 KJV)*** Muli, narito si Jesus ay naglagay ng walang pagpapaliban, kundi itinuring ang pag aasawang muli pagkatapos ng paghihiwalay ay pangangalunya.

Si Apostol Pablo na dating isang Fariseo ay nagsisi, naunawaan din na si Jesus ay hindi sumasang ayon sa paghihiwalay at pag aasawang muli, at iyon ang kanyang ipinagutos: ***“10 Datapuwa't sa mga may asawa ay aking ipinaguutos, Nguni't hindi ako, kundi ang Panginoon, <u>na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa. 11 (Datapuwa't kung siya'y humiwalay, ay manatiling walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa);</u> at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa.” (1 Corinto 7:10-11 KJV)*** Ang tagubilin na ang asawang babae ay dapat huwag humiwalay mula sa kanyang asawa. Kaya sa gayon ay hindi sumang ayon si Apostol Pablo at naki ayon sa paniniwala ng mga Fariseo tungkol sa paghihiwalay at pag aasawang muli.

Ngayon sa pahayag tungkol sa asawang babae: ***“ <u>Datapuwa't kung siya'y humiwalay</u>,”(1 Corinto 7:11)*** Ang ibig sabihin ni Pablo dito na mayroong sagradong dahilan para sa kanya na humiwalay katulad na ang lalaki ay may ibang babae maliban sa kanyang asawa, o ang pisikal na buhay ng asawang babae ay binantaan ng kanyang asawa na maari siyang mamatay anumang oras. Ang nais kong sabihin na ang mga apostol dito kapag pinahintulutan nila ang kababaihan na humiwalay ito ay pinahintulutan na humiwalay para sa isang seryosong usapin at hindi para sa isang walang halaga at walang dahilan sa Biblia at kaya namn sinabi niya, ***“<u>huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa</u>.”*** Kaya sa pagpapayo, kailangan nating may kamalayan at huwag hayaan ang paghihiwalay o diborsyo sa hindi Biblikal at malinaw na dahilan. Maraming kalalakihan at kababaihan ay susubukang takasan ang kanilang pananagutan sa pag aasawa o ihinto ang kanilang pananagutan sa paggamit ng hindi kapani-paniwala na mga dahilan at salayasay na mag aakusa sa kanilang kabiyak upang maghiwalay; sa gayong mga kalagayan tayo bilang isang simbahan ay may pananagutan sa harap ng Dios; dapat huwag natin silang pahintulutan kundi sa halip, kailangang sabihin ulit natin sa kanila na ang kanilang mga

pananagutan at responsibilidad sa panata ng pag aasawa nay ginawa nila sa Dios at hindi sa tao sa araw ng kanilang kasal. Kailangan nating payuhan sila at ipanalangin sila na bumalik sa kanilang kabiyak at sumunod sa Dios.
Kung ang lalaki o babae ay iniwan na ang kanyang kabiyak para sa anumang dahilan, sa gayon ang pagpapayo ay dapat simulan sa kanila hanggang sa maitama ang mga pangyayari o sitwasyon at magkasundo at muling magkasama. Walang puwang ang pagpapahintulot para sa paghihiwalay, diborsyo, at muling pag aasawa.

***"12 Datapuwa't sa iba, ay ako ang nagsasabi, hindi ang Panginoon: Kung ang sinomang kapatid na lalake ay may asawang hindi sumasampalataya, at kung kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan. 13 At ang babaing may asawang hindi sumasampalataya, at kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa." (1 Corinto 7:12-13 KJV)***Ang utos ni Pablo sa mga mananampalataya ay yaong kung ang iyong asawa ay hindi mananampalataya hindi mo siya dapat hiwalayan. Iyon ay patunay sa ating pananagutan sa pag aasawa na ang paghihiwalay at pag alis ay labag sa kalooban ng Dios dahil doon kapag iyon ay naganap at iyon ay ang gawa ng diablo, at sinasaway natin sa pangalan ni Jesus sa pagsunod sa Dios, ***"4 Maging marangal nawa sa lahat ang pagaasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagka't ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios." (Hebrew 13:4 KJV)***

May mga simbahan na gumagamit sa sinabi ni Apostol Pablo, ***"Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios." (1 Corinto 7:15 KJV)*** Ngayon nang sabihin ni Pablo na hindi niya talaga ibig sabihin na ang kapatid o ang kapatid na babae na iniwan sa kanila ng kanilang mga kabiyak, sila ay pinahihintulutang magpakasal muli. Dahil salungat iyan sa sinabi ni Pablo kanina sa talata 10 at 11, na ang babaeng iniwan ang kanyang asawa upang manatiling walang asawa, ***"10 Datapuwa't sa mga may asawa ay aking ipinaguutos, Nguni't hindi ako, kundi ang Panginoon, <u>na ang babae ay huwag humiwalay sa kaniyang asawa</u>. 11 <u>Datapuwa't kung siya'y humiwalay, ay manatiling walang asawa, o kaya'y makipagkasundo sa kaniyang asawa;</u> at huwag hiwalayan ng lalake ang kaniyang asawa." (1 Corinto 7:10-11 KJV)*** at sinabi niya kalaunan, ***"Ang babaing may asawa ay natatalian samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa; nguni't kung patay na ang kaniyang asawa, ay may kalayaan siyang makapagasawa sa kanino mang ibig niya; sa kalooban lamang ng Panginoon." (1 Corinto 7:39 KJV)*** Kaya maging kay Apostol Pablo walang puwang para sa muling pag aasawang pagkatapos ng paghihiwalay.

Ipinahayag ni Apostol Pablo sa parehong mga Romano, na ang babae ay hindi maaring mag asawang muli sa ilalim ng anumang kondisyon hangga't ang kanyang asawa ay buhay pa. ***"1 O hindi baga ninyo nalalaman mga kapatid (sapagka't nagsasalita ako sa mga taong nakakaalam ng kautusan), na ang kautusan ay naghahari sa tao samantalang siya'y nabubuhay? 2 Sapagka't ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapuwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa. 3 Kaya nga kung, samantalang nabubuhay ang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalake, siya'y tatawaging mangangalunya: datapuwa't kung mamatay ang asawa, ay laya na siya sa kautusan, ano pa't siya'y hindi na mangangalunya, bagaman siya'y mag asawa sa ibang lalake." (Roma 7:1-3 KJV)*** at kabaligtaran para sa tao ay totoo rin; na ang lalaki ay hindi maaaring mag asawang muli sa anumang kondisyon hangga't buhay pa ang kanyang asawa.

Ngayon, ano ang tungkol sa isyu ng walang asawa ama at walang asawang ina? Kapag may anak na sa pagitan ng lalaki o babae sa kung ano man ang sitwasyon, may kasulatan ng kasal man, walang kasulatang papel, hiwalay, hindi kilala ang ama, alinmang pangangalunya ang lahat ng ito ay itinuturing na kasal dahil ang pagkakaroon ng anak ay nangangahulugang ang dalawa ay nagkaisa at naging isa at ang bunga ng pagkakaroon ng anak ay nagmula ito sa Dios at samakatuwid ay itinuturing natin na bilang mag asawa batay sa mga Banal na Kasulatan na ito, ***"16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman." (1 Corinto 6:16 KJV)*** Ang walang asawang ama at walang asawang ina ay hindi maaring pumunta at mag asawa ng panibagong kabiyak kung ang ama o ina ng kanyang anak ay buhay pa. Kung ang kabiyak ay wala pang kabiyak para sa pag aasawa pinapayuhan namin na buuin ang pamilya at magpakasal, ngunit kung ang kabiyak ay mayroon nang asawa hindi sila maaring humayo at mag asawa sa ibang kabiyak, kaya pinapayuhan natin na sila'y mamuhay para kay Cristo at alagaan ang kanilang mga anak. Upang sila'y maging katulad sa inilarawan ni Jesus na ginawa ang kanilang sarili na bating para sa kaharian alang alang sa langit gaya ng mababasa natin ditto, ***"12 Sapagka't may mga bating, na ipinanganak na gayon mula sa tiyan ng kanilang mga ina: at may mga bating, na ginagawang bating ng mga tao: at may mga bating, na nangagpapakabating sa kanilang sarili dahil sa kaharian ng langit. <u>Ang makakatanggap nito, ay pabayaang tumanggap</u>." (Mateo 19:12 KJV)*** Tayo bilang Simbahan ng Dios UAE, ay hindi pinahintulutan ang ganoon na humayo at mag asawa maliban sa ama o ina ng kanilang mga anak, dahil ituturing iyon na paghihiwalay at pag aasawang muli at iyon ay labag sa utos ni Jesus, at kung gagawin nila ang gayon ang kanilang mga mga anak at gagawin ang parehong kasalanan at iyon ay magpapatunay ng layunin ng Dios sa pag aasawa upang palakihin ang makaDios na mga anak. ***"13 At ito'y muli ninyong ginagawa: inyong tinatakpan ang dambana ng Panginoon ng mga luha, ng tangis, at ng buntong hininga, na anopa't hindi na***

***niya nililingap ang handog ni tinatanggap man sa inyong kamay na may lugod. 14 Gayon ma'y inyong sinasabi, Bakit? Sapagka't ang Panginoon ay naging saksi sa iyo at sa asawa ng iyong kabataan, na ginawan mo ng paglililo, bagaman siya'y iyong kasama, at siyang asawa ng iyong tipan. 15 At di baga siya'y gumawa ng isa, bagaman siya'y may labis na Espiritu? At bakit isa? Kaniyang hinanap ang lahing maka Dios. Kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban, at huwag nang manglilo laban sa asawa ng kaniyang kabataan. bagaman siya'y may labis na Espiritu? At bakit isa? Kaniyang hinanap ang lahing maka Dios. Kaya't ingatan ninyo ang inyong kalooban, at huwag nang manglilo laban sa asawa ng kaniyang kabataan." (Malakias 2:13-15 KJV)*** Ang pag aasawa ay isang tipan sa Dios at hindi sa tao, ngunit ang diborsyo at paghihiwalay ay isang paglabag sa iyong tipan sa Dios. Sa ***Malakias 2:15***, nang sinabi sinabi ang, ***"At di baga siya'y gumawa ng isa,"*** ibig sabihin ginawa niya ang isang kabiyak at upang walang puwang sa diborsyo at pag aasawa sa iba. Ginawa ng Dios ang isang kabiyak dahil hangad Niya ang makaDios na mga anak kaya ayaw niya ng paghihiwalay dahil ang paghihiwalay ay wawasak sa pamilya at sa mga anak. Kaya para sa gayong dahilan kinamumuhian ng Dios ang paghihiwalay; dahil ang paghihiwalay ay pagtataksil sa Dios at pagtataksil sa iyong kabiyak sa kasal.

Paano ang tungkol sa ugnayan ng lalaki at babae ngunit walang anak, ano ang pagkilos na gagawin natin bilang isang simbahan? Pinapayuhan natin sila na putulin ang immoral na pakikipag ugnayan, at hindi natin papayuhan na mag asawa. Bakit? Upang ang iba ay hindi mahikayat na gawin ang katulad at naghihintay mula sa atin bilang isang simbahan para itulak sila na mag asawa.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Bilang isang simbahan nais sa atin ni Jesus na manindigan kasama Niya at hatulan ang paghihiwalay at diborsyo at muling pag aasawa. Ngayon lumapit tayo sa pagsisisi. Isaalang alang natin ang ating mga lakad at matakot sa Kanya. Pagpanibaguhin natin ang ating pangako at ang ating tipan sa Dios, sa pamamagitan ng pagtakwil sa paghihiwalay at muling pag aasawa, at sa pagpapanatiling buo ng mga pamilya at kasal, at sa ating kahandaang sundin ang mga balangkas na itinuturo sa atin ni Jesus at ng Salita ng Dios.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Ako'y nagpapasalamat sa iyo Panginoon para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang katotohanan tungkol sa kasalanan ng paghihiwalay at muling pag aasawa at kung paano ito itinuturing na pangangalunya.*

*Ipagtapat at talikuran ang kasalanan ng imoralidad sa anyo ng paghihiwalay at muling pag aasawa at talikuran ang maling aral na nagpahintulot ng paghihiwalay at muling pag aasawa sa mga kasapi ng katawan ni Cristo. Panginoon ipinahayag at tinalikuran ko ang gawain ng paghihiwalay at muling pag aasawa. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang iba laban sa gayong maling aral.*

*Panginoon salamat para sa aking kapatid na lalaki at babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay laban sa katuruan ng paghihiwalay at muling pag aasawa. Panginoon protektahan sila at gabayan sila at tustusan ang lahat ng kanilang pangangailangan at pangunahan sila na abutin ang ibang mga tao at turuan sila ng iyong mga landas at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon dalangin ko para sa proteksyon ng kanilang pamilya at lahat ng pamilya na aming inaabot.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan upang patuloy na magturo at mangaral ng iyong Salita at labanan ang maling aral ng paghihiwalay at muling pag aasawa. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at paging dapatin kaming maabot ang bagong mga lugar ng Evangelio ni Cristo. Panginoon paging dapatin kaming gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mas maraming manggagawa na maglilingkod sa iyo. Panginoon mauna ka sa amin at gamitin mo kami upang magtanim ng mas maraming pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pag ibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Espiritu Santo, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com